

Mga Susunod na Hakbang

1

**IREHISTRO ANG IYONG EMAIL ADDRESS SA:
WWW.JUSTICEFORJANITORS.CA/CAMPAIGNS/
GDI-CONTRACT-FIGHT/**

**DAPAT GAWIN MO ITO UPANG MAKATANGGAP KA NG ISANG
IMBITASYON PARA SA ZOOM MEETING AT MAAARI KANG
BUMOTO GAMIT ANG 'ELECTION BUDDY.'**

**ANG DEADLINE UPANG MAGPAREHISTRO
AY HUWEBES NOBYEMBRE 26, 2020**

2

**SUMALI SA ONLINE ZOOM MEETING
SA SABADO, NOBYEMBRE 28, 2020
MULA 3:00PM HANGGANG 5:00PM
MAKAKATANGGAP KA NG LINK AT PASSWORD
UPANG MAKASALI SA ZOOM MEETING
SA IYONG EMAIL**

3

**BUMOTO NG YES PARA SA STRIKE MANDATE
MAKAKATANGGAP KA NG LINK MULA SA 'ELECTION BUDDY'
PAGKATAPOS NG ZOOM MEETING UPANG MAKABOTO
SA ONLINE**

CONTACT INFORMATION

Union Hall: 604-540-7774

**Mga Organizer: Christine Bro: 778-996-4008, Prabhjot
Hundal: 236-880-3317, Chester Duggan: 236-333-1376,
Mary Jane Bayangos: 778-938-3561**



www.JusticeforJanitors.ca

[Filipino, November 2020]

JUSTICE FOR JANITORS

Mahalagang Balita Tungkol sa Bargaining 2020: GDI Integrated Facilities



**Abril 2020- Mga manggagawa ng GDI sa Gordon and Leslie Diamond
Health Care Centre**

Ang mga janitor ng GDI ay kabilang sa frontline workers na pinapanatiling ligtas at malusog ang publiko sa panahon ng pandemyang ito.

Habang tumataas ang bilang ng mga naapektuhan ng Covid-19 ngayong fall, patuloy namin na inilalagay sa panganib ang aming kalusugan sa pamamagitan ng pagtatrabaho. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga na maayos tayong mabayaran at protektahan para sa gawaing ginagawa natin.

Ito ang bargaining year para sa mga manggagawa ng GDI sa buong British Columbia. Mahigit 400 GDI janitors sa iba't ibang worksites ay nakikipaglaban upang maipanalo ang mabuting mga pagbabago sa pag-new ng ating collective bargaining agreement.


Tingnan sa loob na pahina upang makita kung ano ang kailangan nating gawin upang manalo ng isang makatarungang kontrata!

Mga Priority sa Bargaining

Nitong nakaraang summer, pinunan natin ang mga survey tungkol sa bargaining sa pamamagitan ng workplace visits o online.


Ang mga nangungunang bargaining priorities para sa GDI members ay i) pagtataas ng sahod; ii) mas mahusay na health benefits (kabilang ang mas maikling oras ng paghihintay); at iii) mas maraming paid personal days bawat taon.

Ang mga resulta ng survey ay makikita sa chart sa ibaba.



Ang ating union contract ay nag-expire noong Agosto 31, 2020 ngunit ang GDI ay hindi nagko-cooperate upang magtakda ng bargaining dates at sinusubukan ngayon na i-delay ang bargaining hanggang sa susunod na taon! Sa kabila nito ay patuloy tayong nagtatrabaho araw-araw sa panahon ng pandemya, na wala ni anumang pandemic pay o pagtataas ng sahod.

Hindi ito katanggap-tanggap para sa atin at ito ang dahilan kung bakit ang mga manggagawa ng GDI ay nagkakaisa at naghahanda upang magwelga.



Mahigit 80% ng mga janitor na lumahok sa survey ay nagsabi din na ang renta/mortgage ay ang pangunahing sanhi ng iyong stress sa pinansya.

Mga Madalas na Katanungan

Bakit inirerekomenda ng iyong Bargaining Committee na bumoto ka para sa isang strike o welga?

Upang mapuwersa ang GDI na magtakda ng mas maagang bargaining date, kailangan nating ipakita sa kanila na seryoso tayong maipanalo ang isang makatarungang kontrata. Ang kapangyarihang magwelga ay nagbibigay sa atin ng lakas bilang mga manggagawa upang mapuwersa (economic pressure) ang GDI na makinig sa ating mga kahilingan.

Mababayaran ba ako kung mag-welga tayo?

Oo. Ang mga manggagawa na lumalahok sa welga ay babayaran ng \$400 bawat linggo. Ang bayad na ito o strike pay ay hindi nabubuwisan o non-taxable income ayon sa Canada Revenue .



Maaari ba akong matanggal sa trabaho dahil sa pagsali sa welga?

Hindi. Dito sa Canada, ang magwelga ay iyong ligal na karapatan at protektado ka ng batas. Labag sa batas para sa iyong Employer na gumanti sa iyo sa anumang paraan.

Maaari bang palitan ng GDI ang mga bagong manggagawa kapag nag-welga tayo?

Hindi, ang labour law sa BC ay mayroong anti-scab legislation. Nangangahulugan ito na ang GDI ay hindi maaaring magpasok ng "scabs", o mag-hire ng mga bagong manggagawa upang gawin ang iyong trabaho habang ikaw ay nagwewelga.